Republic of the Philippines
Department of Education
**REGION III-CENTRAL LUZON**
**SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE CITY**

Unified Learning Assessment Tool in

## EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 10

Quarter: 4 Week : 3& 4

Pangalan:________________________ Nakuha:______________

Pangkat:_________________________ Petsa:_______________

I. Content Standard Assessment

**Maraming Pagpipilian**:
**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel (10 puntos).

1. Ano ang sekswalidad?
   A.Tumutukoy sa pagiging ganap na babae at lalaki
   B. Daan upang maging ganap na tao
   C. Maaring mong piliin ang iyong seksuwalidad
   D. Mahalaga sa pagpili ng kurso pagdating ng araw

2. Ang pagtatalik sa labas ng sakramento ng kasal ay isyung may kinalaman sa
   A.Pang-aabusong seksuwal C. Pre-marital sex
   B. Pornograpiya D. Prostitusyon

3. Ito ay tumutukoy sa mahahalay na paglalarawan ng isang panoorin o babasahin upang pukawin ang sekswal na pagnanasa ng isang tao
   A. Pornograpiya C. Pre-marital sex
   B. Pang-aabusong seksuwal D. Prostitusyon

4. Ito ay maaring paglalaro sa maseselang bahagi ng sariling katawan o katawan ng iba.
   A.Pang-aabusong seksuwal C. Pre-marital sex
   B. Pornograpiya D. Prostitusyon

5. Ito ay sinasabing pinakamatandang propesyon o gawain na nagbibigay ng panandaliang-aliw kapalit ng pera .
   A. Mananayaw B. Tindera C. Mang-aawit D.Prostitusyon

6. Ito ang nagbubuklod sa isang babae at lalaki na nagmamahalan.
   A.Sakramento ng kasal C. Mga Anak
   B. Kasal sa banig D. Mga magulang

7. Pinasahan ka ng iyong kaibigan ng bagong kumakalat na *scandal* sa *social media*, ano ang iyong gagawin?

A. Magpapasalamat sa kaibigan sa pagbabahagi ng kopya.
B. Ipapasa rin sa ibang kaibigan upang makapanood rin sila.
C. Panonooring mag-isa dahil nakakahiyang malaman ng iba.
*D.* Buburahin at pagsasabihan ang kaibigan na hindi tama ang panonood ng *scandal video.*

8.Nangangailangan ka ng agarang pera para sa pambili ng *gadget* para sa iyong klase, lumapit ka sa iyong kaibigan at sinabihan ka niya tanggapin ang alok na maghubad sa internet, nakikita lamang daw at hindi naman nahahawakan. Paano ka tutugon sa sitwasyong ito?

A. Tatanggapin ang alok ng kaibigan dahil wala namang mawawala sa iyo.
B. Itatakwil ang kaibigan dahil hindi mo gusto ang inaaalok niya sa iyo.
C. Tatanggapin dahil baka wala ka ng ibang pagkakataon para makabili ng *gadget*.
D. Makiusap sa guro at humanap ng ibang paraan upang makaipon ng pera pambili.

9. Kung ikaw ay humaharap sa maling paggamit ng sekswalidad saan ito ito maaaring humantong?

A. Pang-aabusong sekswal
B. Pagkalubog sa prostitusyon.
C. Maagang pagbubuntis o pag-aasawa.
D. Kawalan ng paggalang sa dignidad ng tao.

10.Paano mo mapangangalagaan ang iyong dignidad?

A. Magpakita ng paggalang .
B. Pagpaparamdam ng pagmamahal.
C. Sumabay sa agos ng makabagong panahon.
D. Umiwas sa mga gawaing maaaring magdulot ng hindi maganda sa iyo at sa iba

II. Performance Standard Assessment

**PLANO SA KINABUKASAN (BROCHURE) (10 puntos)**

Panuto: Gumawa ng isang **Plano sa Kinabukasan ( Brochure)** na nagpapakita ng ninanais mong makamit o layunin mo sa mga sumusunod na aspekto ng buhay

A. Edukasyon B. Kasal C. Anak
D. Libangan E. Pagreretiro

**Rubrik:**

| **Iskor** | **Interpretasyon ng Iskor para sa BROCHURE** |
|---|---|
| 5 | Naipakita mula sa Plano sa Kinabukasan ang ninanais mong makamit o layunin sa buhay |
| 3 | Nagpakita ng kahusayan at pagiging malikhain |
| 2 | Malinis ang pagkakabuo |

**Kabuuan: 10 puntos**